Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

# PATNUBAY SA MISA

18 Pebrero 2018 | Unang Linggo ng Kuwaresma | Taon B

## PAMBANSANG LINGGO NG MGA MIGRANTE

# TAPAT NA PAGTANGGAP SA EBANGHELYO NI KRISTO

*Ngayong Unang Linggo ng Kuwaresma, pagtutuunan natin si Hesus, na pagkatapos ng kanyang binyag, ay ginabayan ng Espiritu Santo sa disyerto. Doo'y namalagi siya nang 40 araw at 40 gabi – nag-ayuno, nagnilay, nagdasal, at nakipaglaban hanggang magtagumpay laban sa demonyo. Saka siya nagsimula sa kanyang misyon at nag-anyayang magbalik-loob ang lahat. Ang kanyang paanyayang tanggaping tapat ang Ebanghelyo at magbagong buhay ay para rin sa atin. Ang ikapagiging mabunga ng ganitong panahon ng Kuwaresma ay depende sa ating pagtugon sa gayon niyang paanyaya.*

*Ngayon ma'y ipinagdiriwang natin ang Pambansang Linggo ng mga Migrante. Sa pangingibang bansa ng ating mga kapwa Pilipino, maaari silang makaranas ng paghihirap, pangungulila, o pagmamalupit. Ngunit taglay nila ang yaman ng ating pananampalataya at mga tradisyong Katoliko. Ito ay isang magandang pagkakataon para ihatid nila ang liwanag ni Kristo sa lahat ng taong kanilang makakatagpo. Sa pagsisimula natin sa ating pagdiriwang ng Eukaristiya, alalahanin natin ang mga migranteng Pilipino at ang kanikanilang mga pamilya.*

## PASIMULA

### Pambungad

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Kapag ako'y tinawagan, kaagad kong pakikinggan upang aking matulungang magkamit ng kaligtasan, dangal, at mahabang buhay.**

### Pagbati

***P–*** Ang biyaya ng ating Panginoong Hesukristo, ang pagmamahal ng Diyos Ama, at ang pakikiisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat.

***B* – At sumaiyo rin!**

### Pagsisisi

***P–*** Nagpapasalamat sa Panginoong nananawagan sa ating magbalik-loob ngayong panahon ng Kuwaresma, tayo'y manahimik sandali at alalahaning kailangan natin ang kanyang pagpapatawad at kapayapaan. *(Manahimik saglit.)*

***P* –**Panginoong Hesus, pinagtagumpayan mo ang panunukso ng demonyo sa kapangyarihan ng Espiritu. Panginoon, kaawaan mo kami!

***B* – Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P* –**Panginoong Hesus, nagsimula ka sa iyong misyong ipahayag ang katuparan ng mga pangako ng Diyos. Kristo, kaawaan mo kami!

***B* – Kristo, kaawaan mo kami!**

***P* –**Panginoong Hesus, ginaganyak mo kaming magbalik-loob at manalig sa Mabuting Balita. Panginoon, kaawaan mo kami!

***B* – Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P* –**Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

***B* – Amen!**

### Panalanging Pambungad

***P–***Ama naming makapangyarihan, sa taun-taong pagdiriwang ng paghahandang apatnapung araw para sa Pasko ng Pagkabuhay, kami nawa ay lalong umunlad sa pagtuklas sa hiwaga ng tagumpay ni Kristo upang masundan namin siya sa pamumuhay na marangal bilang aming Tagapamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B* – Amen!**

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

**Unang Pagbasa** *Gen 9:8-15*

*Pagkatapos ng paglilinis na bunga ng Pagbaha, handa na ang Diyos na magpanibagong simula sa ilang mga nakaligtas. Ang tipang binabalak niyang pagtibayin kina Noe at mga kamag-anak nito ay tanda ng Kanyang mahabaging pagmamahal sa lahat ng tao.*

***L –***Pagpapahayag mula sa Aklat ng Genesis

**Ito ang sinabi ng Diyos kay Noe at sa kanyang mga anak, "Ako'y nakikipagtipan sa inyo ngayon, pati na sa inyong magiging mga anak, gayon din sa lahat ng mga bagay na may buhay sa paligid ninyo – mga ibon, maaamo't maiilap na hayop na kasama ninyo sa daong.**

**Ito ang masasabi ko sa aking pakikipagtipan sa inyo: Kailanma'y hindi ko na lilipulin sa pamamagitan ng baha ang lahat ng may buhay. Wala nang baha na gugunaw sa daigdig."**

**Sinabi pa ng Diyos, "Ito ang magiging palatandaan ng walang hanggang tipan na ginagawa ko sa inyo at sa lahat ng hayop: Palilitawin ko sa mga ulap ang aking bahaghari at iyan ang magiging tanda ng aking pakikipagtipan sa inyo. Tuwing magkakaroon ng ulap at lilitaw ang bahaghari, aalalahanin ko ang aking pangako sa inyo at sa lahat ng hayop. Hindi ko na lilipulin sa baha ang lahat ng may buhay."**

Ang Salita ng Diyos!
***B* – Salamat sa Diyos!**

**Salmong Tugunan** *Awit 24*

***B –Poon, iyong minamahal ang tapat sa iyong tipan!***

*R. M. Velez*




*** Ang kalooban mo'y ituro, O Diyos, ituro mo sana sa aba mong lingkod. Ayon sa matuwid, ako ay turuan; ituro mo, Poon, ang katotohanan. Tagapagligtas ko na inaasahan.** ***B.***

*** Poon, gunitain, pag-ibig mong wagas, at ang kabutihang noon pa'y nahayag. Pagka't pag-ibig mo'y hindi nagmamaliw, ako sana, Poon, ay alalahanin!** ***B.***

*** Mabuti ang Poon at makatarungan, sa mga salari'y guro at patnubay. Sa mababang-loob siya yaong gabay, at nagtuturo ng kanyang kalooban.** ***B.***

**Ikalawang Pagbasa** *1 Ped 3:18-22*

*Iniligtas ni Hesukristo ang lahat ng tao sa pamamagitan ng kanyang pagpapakasakit, kamatayan, at muling pagkabuhay. Inaabot tayo ng kanyang pagliligtas sa pamamagitan ng sakramento ng Bautismo, na ibinadya ng tubig ng malaking Pagbaha. Gayon ang mensahe sa atin sa pamamagitan ng siping ating mariringig.*

***L –***Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pedro

**Pinakamamahal kong mga kapatid: Si Kristo'y namatay para sa inyo. Namatay siya dahil sa kasalanan ng lahat – ang walang kasalanan para sa mga makasalanan – upang iharap kayo sa Diyos.**

**Siya'y namatay ayon sa laman, at muling binuhay ayon sa Espiritu. Sa kalagayang ito, pinuntahan niya at inaralan ang mga espiritung nakabilanggo.**

**Iyan ang mga espiritung ayaw sumunod nang sila'y matiyagang hinihintay ng Diyos noong panahon ni Noe, samantalang ginagawa nito ang daong. Sa tulong ng daong na ito'y iilang tao – wawalo – ang nakaligtas sa baha.**

**Ang tubig ay larawan ng binyag na nagliligtas ngayon sa inyo. Ang binyag ay hindi paglilinis ng dumi ng katawan kundi isang pangako sa Diyos buhat sa isang malinis na budhi. Inililigtas kayo ng binyag sa pamamagitan ng muling pagkabuhay ni Hesukristo, na umakyat sa langit at ngayo'y nakaluklok sa kanan ng Diyos. Naghahari siya roon sa mga anghel at sa mga kapangyarihan at lakas na panlangit.**

Ang Salita ng Diyos!
***B* – Salamat sa Diyos!**

**Awit-pambungad sa Mabuting Balita** *Mt 4:4b*

***B –(Luwalhati at papuri sa iyo, Panginoong Hesukristo!)***
**Ang tao ay nabubuhay hindi lamang sa tinapay kundi sa Salitang mahal mula sa bibig na banal ng Ama nating Maykapal.**
***(Luwalhati at papuri sa iyo, Panginoong Hesukristo!)***

**Mabuting Balita** *Mc 1:12-15*

*Inilalarawan ni Marcos ang unang dalawang hakbang ni Hesus sa kanyang buhay pangmadla: tagumpay laban kay Satanas sa disyerto, at ang panawagan sa pagbabalik-loob ng lahat.*

***P –***Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos
***B* – Papuri sa iyo, Panginoon!**

**Noong panahong iyon, si Hesus ay agad pinapunta ng Espiritu sa ilang. Nanatili siya roon nang apatnapung araw, na tinutukso ni Satanas. Maiilap na hayop ang naroon ngunit si Hesus ay pinaglilingkuran ng mga anghel.**

**Pagkatapos dakpin si Juan, si Hesus ay nagtungo sa Galilea at ipinangaral ang Mabuting Balitang mula sa Diyos: "Dumating na ang takdang panahon, at malapit na ang paghahari ng Diyos! Pagsisihan ninyo't talikdan ang inyong mga kasalanan at maniwala kayo sa Mabuting Balitang ito."**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!
***B* – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

**Homiliya**

**Sumasampalataya**

***B –***Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Nalulukloklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

**Panalangin ng Bayan**

***P –***Sa mga panimulang hakbang natin sa ating pangkuwaresmang paglalakbay, pagsikapan na-

ting tugunan ang paanyaya ng Panginoon. Sa harap ng ating mga pagkukulang at kahinaan, manalangin tayo:

***B* –Panginoon, dinggin mo kami!**

* Para sa buong Simbahang laging nangangailangang magbalik-loob: Nawa sundin niya ang Espiritu sa pagtanggi sa lahat ng pang-akit ni Satanas. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa Santo Papa at lahat ng ating mga pinunong espirituwal: Nawa magtagumpay ang kanilang mga pagsisikap na mailapit ang mga tao kay Hesus sa panahong ito ng Kuwaresma. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng mga migranteng manggagawa sa buong mundo: Nawa igalang sila at pagkalooban ng katarungan, at muling makapiling ng kani-kanilang mga pamilya. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng Pilipinong nagtratrabaho sa ibang bansa: Nawa pahalagahan nila ang kanilang karangalan at pananampalataya, at manatili silang tapat sa kanilang mga mahal sa buhay. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng namamatnubay sa mga *retreat* at *recollection:* Nawa sila'y maging tapat na tinig na nag-uulit ng mensahe ni Hesus para sa tunay na pagbabalik-loob. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa ating lahat: Nawa ang panahon ng Kuwaresmang ito ay maging pagkakataon para sa ating tapat na pagtitika at mabungang pagbabalik-loob. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa ating mga pansariling kahilingan. *(Manahimik saglit.)*
Manalangin tayo! ***B.***

***P* –**Panginoong Hesus, biyayaan mo kaming lagi naming mapaglabanan ang mga tukso ng demonyo at mamuhay alinsunod sa Ebanghelyong iyong ipinangaral. Ikaw na nabubuhay at naghahari magpakailanman.

***B* –Amen!**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

***P* –** Manalangin kayo . . .

***B* – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

### Panalangin ukol sa mga Alay

***P*–**Ama naming Lumikha, gawin mong kami'y maging marapat maghain sa pagdiriwang namin ngayon ng pagsisimula ng banal na panahon ng apatnapung araw na paghahanda para sa Pasko ng Pagkabuhay sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B* – Amen!**

### Prepasyo ng Kuwaresma

***P*–**Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Ang kanyang apatnapung araw na pagtitiis ng kagutuman ay nagbibigay-kahulugan sa panahong ito ng pagpapakasakit para sa kapwa tao. Ang pagtalikod niya sa tuksong maging makasarili ay nagtuturo sa aming harapin ang pagpapakabuti upang kaisa niya'y maging malaya kami sa pagdulog sa hapag ng huling hapunan na siyang hantungan ng lahat sa kalangitan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

***B* – Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

**Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!**

### Pagbubunyi

***B* –Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.**

## PAKIKINABANG

***B* – Ama namin . . .**

***P* –** Hinihiling namin . . .

***B* – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

### Paanyaya sa Kapayapaan

### Paghahati-hati sa Tinapay

***B* –Kordero ng Diyos . . .**

### Paanyaya sa Pakikinabang

***P* –** Ito ang Panginoong Hesus, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

***B* – Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

### Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Ang tao ay nabubuhay hindi lamang sa tinapay kundi sa salitang mahal mula sa bibig na banal ng Ama nating Maykapal.**

### Panalangin Pagkapakinabang

***P* –** Ama naming mapagmahal, kaming pinapakinabang mo sa pagkaing iyong bigay ay tumanggap ng pampalakas ng pananampalataya, pampatibay ng pag-asa, at pampaalab ng pag-ibig. Matutuhan nawa naming damahin ang gutom at pananabik sa tunay na pagkaing nagbibigay-buhay upang kami'y makapamuhay sa bawat salita na namumutawi sa iyong bibig sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B* – Amen!**

## PAGWAWAKAS

***P* –**Sumainyo ang Panginoon.

***B* –At sumaiyo rin!**

***P* –**Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Manahimik saglit.)*
Naniniwala kayong sa kanyang pagkamatay, sinira ni Kristo ang kamatayan magpakailanman. Pagkalooban nawa kayo ng buhay na walang hanggan.

***B* –Amen!**

***P* –**Inaanyayahan tayo ni Hesus na magsisi at manalig sa Ebanghelyo. Bigyan niya nawa kayo ng kaloobang puspos ng pananampalataya at habag.

***B* –Amen!**

***P*** **–**Nagpakababa siya alang-alang sa atin. Tumulad nawa kayo sa kanyang halimbawa at makibahagi kayo sa kanyang muling pagkabuhay.

***B*** **–Amen!**

***P*** **–**Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

***B*** **–Amen!**

***P*** **–**Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon.

***B*** **– Salamat sa Diyos!**

makinig. kapanalig. Veritas846 RADYO TOTOO The Catholic Radio
veritas846kapanalig www.veritas846.ph @kapanalig

# Ang Panawagang Magbagong-Buhay

Ang Kuwaresma ay isang paglalakbay na may maliwanag na pakay at kamangha-manghang patutunguhan: pakikibahagi sa isang buhay na pagpapala, ang bunga ng pagpapakasakit at muling pagkabuhay ni Kristo. ***Ito ay isang paghahanap sa isang puspos na buhay,*** o – para sa mga nawalan na ng biyaya ng Diyos – ***isang pagsisising tungo sa isang muling pakikipagkaibigan sa Diyos.***

Upang matupad ang balak na ito, kailangan nating mapatnubayan nang tama. Kailangan nating lahat ang isang matalino, maalam, at mapagkakatiwalaang gabay. Ang mga taong naghahanda sa isang paglalakbay sa di-kilalang mga pook ay nangangailangan ng mapa at isang gabay – isang taong nakakaalam ng daan na makasasama sa mga manlalakbay sa kanilang ligtas at matiwasay na hantungan.

Sa ating pagsisikap na mapanumbalik o malasap nang lubos ang masiglang buhay ng banal na pagpapala, ***tayong mga Kristiyano ay wala nang matatagpuang higit na mabuting gabay kaysa sa Salita ng Diyos, ang Luma at Bagong Tipan, lalo na ang Ebanghelyo,*** na nagtataglay ng Magandang Balita ng ating kaligtasan at kung paano ito matatamo.

Ang ibang mga aklat ay maaaring higit na kaakit-akit sa pagkakalimbag; mas nakatatawag-pansin sa kanilang mga balangkas at nagniningning sa mga pananalita. Subalit ***walang ano mang panitikan ang makatatapat sa pagiging makatotohanan at sa palagiang kaugnayan ng Ebanghelyo.*** Ipinahahayag sa simpleng mga salita ng mga taong nabuhay 19 na siglo na ang nakararaan, ang Ebanghelyo ay nagtataglay ng mensahe, ang *Salita ng Diyos,* ang *Salita ni Kristo, ang Lalaki ng Magandang Balita,* ang ating *Daan,* ating *Katotohanan,* ating *Buhay.*

Ang Kuwaresmang ito ay magiging isang ginintuang pagkakataon para natin mabatid ang nilalaman ng Ebanghelyo at mapakinggan ang mensahe nitong nagbibigay ng lakas ng loob. Subalit hindi sapat ang pagbabasa lamang nito. Kinakailangang *sumaatin* ang espiritu nito sa pamamagitan ng mapanalanging pagninilay-nilay at pagsasaloob, palagiang pagiging bukas sa Espiritung kumikilos sa atin at sa mga turo ng Simbahan.

***Ang Ebanghelyo, ang gabay na ito na may banal na inspirasyon, ay dapat pagkatiwalaang lubos.*** Taglay ng Ebanghelyo ang ***tanda ng katotohanan*** sa bawat pahina. Ang sumulat nito ay hindi baguhan; ni ang nagsalin nito ay hindi rin bagito.

Taglay rin nito ang ***tanda ng buhay,*** hindi lamang dahil nangangako ito at nagtuturo sa buhay na walang hanggan, kundi dahil din ***ang katotohanan nito ay dapat na maging bahagi ng ating buhay.*** Inaasahan tayong isabuhay ang mensahe nito nang walang pagbabago, palagian at may tapang. Ang Ebanghelyo, higit sa ano pa mang ibang pinagkakatiwalaang gabay, ay kailangang sundin sa lahat ng oras, lalo na kung ang *pagtalikod sa sarili ang* hinihingi.

Ang lahat ng ito ay hindi madali. Kadalasan, hinihingi nito ang pagbabago ng ating pag-iisp, sa ating pakikipag-ugnayan sa Diyos at sa iba. ***Maaari rin nitong hingin ang isang radikal na pagbabalik-loob.*** Ganyan ang diwa ng Kuwaresma. Ganyan ang panawagan ni Kristo sa bawat isa sa atin ngayon.

WORD & LIFE PUBLICATIONS

**Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila**
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 894-5401; 894-5402; 892-2169 • ***Telefax:*** 894-5241 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word & Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. S. Putzu, C. Valmonte, G. Ramos, V. David, J. Domingo, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua